

Ano ang Pagsusuring Pagkakapantay-pantay ng Serbisyo at Pamasaha (SAFE)?

Bilang recipient ng pederal na pinansyal na tulong, dapat tiyakin ng Sound Transit na sumusunod ito sa mga nakatakdang regulasyon sa Titulo VI ng Batas sa Mga Sibil na Karapatan ng 1964. Ang mga regulasyong ito, kasama ng mga patakaran ng Sound Transit, ay nag-aatas na magsagawa ng pagsusuri sa pagkakapantay-pantay ng serbisyo at pamasaha ang Sound Transit bago magdagdag ng bagong serbisyo, magpatupad ng mga malawakang pagbabago sa serbisyo, o gumawa ng mga pagbabago sa mga pamasaha. Tutukuyin ng mga pagsusuring ito ang mga potensyal na benepisyo at hindi magandang epekto ng mga iminumungkahing pagbabago at isaalang-alang ang mga epekto ng mga pagbabagong ito sa dalawang matagal nang naisasantabing grupo: mga komunidad ng minority at mababa ang kita. Nakakatulong ang feedback ng publiko na mabuo ang mga pagsusuri at nagreresultang pagbabago na ito. Tinutukoy ng Titulo VI Programa ng Sound Transit ang pamamaraan ng pagsusuri at mga kahulugan ng Hindi Patas na Epekto, Hindi Patas na Pasanin, Malawakang Pagbabago ng Serbisyo, at hindi magandang epekto.

Ang **Hindi Patas na Epekto** ay kapag ang isang facially neutral na patakaran o kasanayan ay hindi magandang nakakaapekto sa mga miyembro ng isang grupo na tinutukoy ng lahi, kulay, o bansang pinagmula nang 5% o higit pa.

Ang **Hindi Patas na Pasanin** ay kapag ang isang facially neutral na patakaran o kasanayan ay hindi magandang nakakaapekto sa mga populasyong mababa ang kita nang mahigit sa hindi mababang kita na populasyon nang 5% o higit pa.

Ang **Malawakang Pagbabago ng Serbisyo** ay kapag nagbago ang mga oras ng sasakyan sa isang ruta nang 25% o higit pa, o inalis o nilipat ang isang stop/istasyon nang mahigit $\frac{1}{2}$ ng isang milya para sa tren, at $\frac{1}{4}$ milya para sa serbisyo ng bus.

Pagsusuri sa Pagkakapantay-pantay ng Serbisyo sa East Link Starter Line

Nagsagawa ang Sound Transit ng pagsusuri sa pagkakapantay-pantay ng serbisyo para sa iminumungkahing East Link Starter Line dahil isa itong Malawakang Pagbabago sa Serbisyo (pagdaragdag ng serbisyo) at gumagamit ito ng pagpopondo ng Mga Grant sa Pamumuhunan ng Kapital (Capital Investment Grant, CIG) ng Pederal na Administrasyon sa Transportasyon (Federal Transit Administration, FTA). Walang pagbabago sa pamasaha na nauugnay sa pagpapatupad ng Starter Line, kaya walang pagsusuri sa pagkakapantay-pantay ng pamasaha ang kinakailangan. Ang seksyong ito ng East Link Extension (2 Line) ay magiging handa para sa serbisyo bago ang kabuuang ng proyekto. Ang mga operasyon nito ay maaaring magbigay ng mga agarang benepisyo sa mga residente sa pamamagitan ng pagbubukas ng access sa tren sa mga mahalagang trabaho, pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, at iba pang mahalagang destinasyon. Magpapakatibay ang East Link Starter Line (ELSL) 14 na milya mula sa South Bellevue hanggang sa Redmond Technology, nang may access sa walong istasyon. Magbubukas sa 2024, tinatantya itong tumakbo kada 10 minuto, pitong araw sa isang linggo. Patuloy na sinusuri ng Sound Transit kung gaano katagal na mga oras ng serbisyo ang ibibigay kada araw, batay sa available na antas ng staffing. Sa pangkalahatan, nagdaragdag ang proyekto ng higit pang serbisyo, kasama ang mga

pagpapahusay sa serbisyo sa tanghali at weekend, nang hindi nag-aalis ng serbisyo mula sa anumang kasalukuyang ruta ng Sound Transit o partner na ahensya.

Walang nakitang Hindi Patas na Epekto at Hindi Patas na Pasanin ang pagsusuri sa pagkakapantay-pantay sa serbisyo na nauugnay sa pagbubukas ng ELSL. Ang minoryang populasyon sa lugar ng serbisyo ng ELSL ay mas malaki sa minoryang populasyon sa Distrito ng Sound Transit at ang populasyong may limitadong kahusayan sa English ay medyo mas malaki sa lugar ng serbisyo ng ELSL. Ang populasyong mababa ang kita sa lugar ng serbisyo ng ELSL ay mas maliit sa populasyong mababa ang kita sa distrito, pero walang nakitang hindi magandang epekto ang pagsusuri na lampas sa 5% threshold. Sa pagbubukas ng ELSL nang walang pagbabago o pagbabawas sa ibang serbisyo sa rehiyon, makakabenepisyo ang lahat ng nasa lugar ng serbisyo ng ELSL mula sa pagdami ng serbisyo. Magsasagawa ang Sound Transit ng pagsusuring Pagkakapantay-pantay ng Serbisyo at Pamasahe (Service and Fare Equity, SAFE) sa buong 2 Line, at sa mga kasamang pagbabago nito sa mga konektadong ruta, nang mas malapit sa pagbubukas ng buong linya.

